ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA MATALIK NA PAKIKISALAMUHA AT MONKEYPOX

Ang monkeypox ay nakakahawang sakit na sanhi ng virus ng monkeypox. Ang sinuman na malapit na nakasalamuha ng harapang personal ng taong may monkeypox ay nasa panganib.

PAANO NAIKAKALAT ANG MONKEYPOX?

Ang monkeypox ay nalalamang naikakalat sa malapit, matalik at/o matagal na pakikisalamuha sa ibang may. Kinabibilangan ito ng mga:

- Deretsong balat na balat na kontak sa mga pantal, langib, at sugat habang nakikipagtalik at iba pang matalik na kontak. Kabilang dito ang pakikipaghalikan, masahe, and pagyayapusan.
- Ang pagkakaroon ng kontak sa mga bagay at mga tela (katulad ng hindi pa nalalabahang damit at kobre kama, paggamit ng parehong tuwalya o mga laruang sekswal) na nagamit na ng taong may at hindi pa nalilinis.
- Ang pagkakaroon ng kontak sa inilalabas ng palahingahan. Maaari itong mangyari sa matagal, malapit, mukha sa mukhang kontak o matalik na kontak katulad ng paghahalikan, pagyayapusan, o pakikipagtalik.

Ang tao na may monkeypox ay maaaring maikalat ito sa iba mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang sa gumaling ang pantal, natanggal ang mga langib, at mayroon ng bagong patong ng balat. Pangkaraniwan itong tumatagal ng 2 hanggang 4 na linggo.

Ang taong nagdadalantao na mayroong monkeypox ay maaaring maikalat ang virus sa kanilang sanggol sa sinapupunan papunta sa plasenta.

Ang Monkeypox ay HINDI naikakalat sa pamamagitan ng pangkaraniwang (kaswal) na pakikipag-usap o sa mga taong naglalakad na meron nito.

PAANO MAIIWASAN NA MAGKAROON NG MONKEYPOX

- Iwasan ang balat sa balat o mahabang malapit na kontak sa mga taong may mga sintomas ng monkeypox
- Iwasan ang pagsagi sa mga hindi pa nalinisang mga bagay at mga materyales na ginamit na ng mga taong may mga sintomas ng monkeypox
- Hugasan ang iyong mga kamay ng malimit
- Magpabakuna kung ikaw ay kwalipikado

BAWASAN ANG IYONG PANGANIB HABANG NAKIKIPAGTALIK AT MATALIK NA KONTAK

- Makipag-usap sa iyong (mga) kapartner sa pakikipagtalik tungkol sa mga kamakailang sakit at bago o hindi maipaliwanag na mga sugat/pantal kabilang ang nasa iyong mga pag-aari at puwit. Iwasan ang pakikipagtalik o balat sa balat na kontak kung ikaw o ang iyong kapartner ay may mga palatandaan ng o nadayagnos na may monkeypox.
- Gumamit ng condom. Ang mga condom lamang ay hindi sapat para mapigilan ang monkeypox. Pero maaari nilang mabawasan ang panganib, at maaaring matulungan na mapigilan ang mga sugat sa mga sensitibong lugar, katulad ng puwit, bibig, at mga ari.
- Bawasan ang bilang ng iyong mga kapartner sa pakikipagtalik.
- Iwasan ang mas mapanganib na mga aktibidad katulad ng pakikipagtalik sa hindi kilala at mga madamihang pakikipagtalik na kaganapan.

KONTAKIN ANG IYONG DOKTOR sa lalong madaling panahon kung mayroon kang bago, hindi maipaliwanag na pantal o mga sugat sa kahit anong bahagi ng iyong katawan. Ito ay lalong mahalaga kung ikaw ay nalantad sa taong mayroon o pinaghihinalaang may monkeypox.

Iskan ang QR na kodigo (code) para makakita ng lokasyon

KUNG WALA KANG DOKTOR:

- Tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Pampublikong Kalusugan sa 1-833-540-0473 (8 ng umaga – 8:30 ng gabi araw araw), o
- Bisitahin ang Public Health Sexual Health Clinic na malapit sa iyo.

For more information on Monkeypox, visit ph.lacounty.gov/Monkeypox

County of Los Angeles Public Health